



Labanan ang Takot gamit ang mga Katotohanan!

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN.

ANG PAMPUBLIKONG PANANAGUTAN ay isang panuntunan na ginagamit ng mga opisyal ng imigrasyon upang aprubahan o tanggihan ang **aplikasyong batay sa pamilya*** para sa green card (legal na permanenteng paninirahan o katayuang LPR (legal permanent residency)), o ilang ibang mga bisa. Ginagamit ng mga opisyal ng imigrasyon ang terminong “pampublikong pananagutan” upang tukuyin ang mga taong malamang na umasa sa pamahalaan para sa suporta.

PANGHULING PANUNTUNAN SA PAMPUBLIKONG PANANAGUTAN na maaaring makuha ng mga imigrante ang maraming mahahalagang pampublikong mga benepisyo, kabilang ang pangangalagang pangkalusugan, suporta sa pagkain at pabahay, nang walang takot sa kahihinatnan sa imigrasyon. Ang bawat pamilya ay iba, at samantalang maaaring kakabahan ka sa Pagsusuri sa Pampublikong Pananagutan, gamitin ang mapang daan na ito upang manatiling may alam. Bumisita sa [keepyourbenefits.org](https://www.KeepYourBenefits.org) para sa pinakahuling mga update.

**Naaangkop din sa mga taong nag-a-apply para sa green card mula sa labas ng Estados Unidos at ilang taong may green card ngunit nagpaplanong umalis ng bansa nang higit sa 6 na buwan.*

MAAAPEKTUHAN BA AKO NITO?

Sundan ang MAPANG DAAN na ito upang tingnan kung maaaring kang mapasailalim sa PAGSUSURI SA PAMPUBLIKONG PANANAGUTAN

NAG-A-APPLY NG GREEN CARD SA PAMAMAGITAN NG PAMILYA?



HINDI

HINDI NAAANGKOP ANG PAMPUBLIKONG PANANAGUTAN

Gumagamit ba ang **APPLIKANTE** ng alinman sa mga sumusunod na

PAMPUBLIKONG MGA BENEPISYO?

HUWAG bilangin ang mga bata o ibang karapat-dapat na mga miyembro ng pamilya na gumagamit ng pampublikong mga benepisyo na ito.

- ▶ **Mga Programa sa Tulong sa Pera**
 - Karagdagang Kita sa Seguro (SSI, Supplemental Security Income) para sa matatanda, bulag, o may kapansanan
 - Mga programa sa Benepisyo sa Estado, Tribo, panteritoryo o lokal na pera para sa pagpapanatili ng kita na madalas tinatawag na “Pangkalahatang Tulong” o “Pangkalahatang Kaluwagan” (GR, General Relief) sa California
 - Programa sa Tulong sa Pera para sa mga Pamilyang Imigrante (CAPI, Cash Assistance Program for Immigrant Families)
 - Pansamantalang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan (TANF, Temporary Assistance for Needy Families)
 - CalWORKs sa California
- ▶ Pangmatagalang pangangalaga sa isang institusyon, tulad ng tahanan ng pangangalaga, na binabayaran ng Medi-Cal

Alamin ang higit pa online sa: [keepyourbenefits.org](https://www.KeepYourBenefits.org)



MAAARING napapailalim ka sa PAGSUSURI SA PAMPUBLIKONG PANANAGUTAN

HUMINGI NG LEGAL NA TULONG

Dapat isaalang-alang ng imigrasyon ang ibang mga salik (kita, kalusugan, kasanayan) kapag gumagawa ng pagpasiya sa pampublikong pananagutan.

HINDI

ANG PAMPUBLIKONG MGA BENEPISYO AY

DAPAT HINDI ISANG SALIK



Kung ang iyong mga anak na mamamayan ng Estados Unidos o karapat-dapat na mga miyembro ng pamilya ay gumagamit ng pangangalagang pangkalusugan, pabahay, mga benepisyo sa pagkain, o tulong sa pera, HINDI nito negatibong maapektuhan ang iyong katayuan sa imigrasyon o aplikasyon para sa green card.

Karamihan sa mga programa sa pampublikong benepisyo na hindi pera ay LIGTAS na gamitin kung ikaw ay karapat-dapat (para sa listahan ng mga benepisyo na binibilang para sa Pagsusuri sa Pampublikong Pananagutan, mangyaring sumangguni sa tsart sa likurang bahagi):

Kalusugan

- ✓ Medi-Cal: (maliban sa kaso ng pangmatagalang pangangalaga sa institusyon, tulad ng sa tahanan ng pangangalaga na binabayaran ng Medi-Cal)
- ✓ Medicare
- ✓ Mga subsidiya ng Covered California
- ✓ Programa sa Seguro sa Kalusugan ng mga Bata (CHIP, Children's Health Insurance Program)
- ✓ Programa sa Pansuportang mga Serbisyo sa Bahay

Pabahay & Buwis

- ✓ Pederal na pampublikong pabahay
- ✓ Tulong sa seksyon 8
- ✓ Mga Kanlungan

Tulong sa Pagkain

- ✓ CalFresh o SNAP
- ✓ WIC (Ang Programa sa Espesyal na Karagdagang Nutrisyon para sa mga Kababaihan, Sanggol at Bata (WIC, Women, Infant, and Children))

- ✓ Mga pagkain sa paaralan
- ✓ Mga imbakan ng pagkain
- ✓ EBT sa Tag-init

Karagdagang Tulong

- ✓ Tulong sa pangangalaga ng bata
- ✓ Pang-estado at Pederal na Kredit sa Buwis para sa Bata (CTC, Child Tax Credit) o Mga Kredit sa Buwis sa Kinitang Kita (EITC, Earned Income Tax Credit)
- ✓ Tulong sa sakuna, tulong sa pandemia, at tulong sa palingkurang bayan

Ang ilang mga imigranteng hindi saklaw sa Pagsusuri sa Pampublikong Pananagutan ang mga:

- ✓ Refugee
- ✓ Asylee
- ✓ Mga sariling nagpetisyon sa Batas sa Karahasan Laban sa mga Kababaihan (VAWA, Violence Against Women Act)
- ✓ Legal na permanenteng mga residente (LPRs, lawful permanent residents) na nag-a-apply para sa pagkamamamayan ng Estados Unidos
- ✓ Legal na permanenteng mga residente (LPRs, lawful permanent residents) na nag-a-apply para sa pagpapanibago ng green card
- ✓ Mga aplikante/humahawak ng U bisa o T bisa
- ✓ Espesyal na imigranteng mga kabataan
- ✓ Mga nag-a-apply para sa o muling nagpapatala para sa pansamantalang protektadong katayuan
- ✓ Ilang Cubano at Taga-Haiti na pumapasok
- ✓ Ibang mga kategorya ng makataong imigrante na maaaring hindi saklaw

ALAMIN BAGO KANSELAHIN ANG PAGPAPATALA MULA SA PAMPUBLIKONG MGA BENEPISYO

Ang paggamit ng pampublikong mga benepisyo lamang ay hindi mangangahulugan na babagsak ka sa Pagsusuri sa Pampublikong Pananagutan. Kakailanganing tingnan ng mga opisyal sa imigrasyon ang ibang mga salik upang matukoy kung papasa ka. Kilala ito bilang kabuuan ng mga pangyayari, na kasama ang iyong edad, kalusugan, kita, mga ari-arian, mapagkukunan, edukasyon/kasanayan, pamilya, at trabaho. Ang positibong mga salik, tulad ng iyong edukasyon at trabaho, ay maaaring mas matimbang kaysa sa iyong paggamit ng mga benepisyo sa pera o pangmatagalang pangangalaga sa institusyon na binabayaran ng Medi-Cal.



Bago ka magpasiya na kanselahin ang pagpapatala, tandaan na mahalaga ang kalusugan at kapakanan mo at ng iyong pamilya!

Para sa pinakahuling mga update, i-scan ang QR code o bumisita sa: keepyourbenefits.org

LEGAL NA SUPORTA



Mangyaring kumunsulta sa isang abogado sa imigrasyon o kinatawag akreditado sa BIA tungkol sa iyong sariling sitwasyon. Ang online na listahan ng kwalipikadong mga organisasyong nonprofit na nag-aalok ng libre o abot-kayang tulong ay makukuha mula sa **Kagawaran ng Mga Serbisyon Panlipunan ng California (CDSS, California Department of Social Services)**.



Website ng CDSS: i-scan ang QR code o bumisita sa <https://bit.ly/PublicChargeHelp>



Para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan:

I-scan ang QR code na ito o bumisita sa: www.allinforhealth.org

